



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Setyembre 26, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Aaron Richardson - 415.749.4900

Magsisimula na ang pinahihintulutang mga panahon ng pagsunog para sa pagpapalit ng pananim at mga natira mula sa pagbaha

SAN FRANCISCO - Inaanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na ang mga panahon ng bukas na pagsunog para sa pagpapalit ng pananim at mga pagsunog para sa natira mula sa pagbaha ay magsisimula na sa Lunes, Oktubre 1.

Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi magdedeklara ng mga araw ng pinahihintulutang pagsunog kapag pinairal ang Alerto na Iligtas ang Hangin (Spare the Air Alert) o kung ang rehiyon ay nakakaranas ng malaking epekto ng usok mula sa mga wildfire.

Ang pagsunog para sa pagpapalit ng pananim ay isang pang-agrikulturang sunog na isinasagawa para sa layunin ng pagtatatag ng pang-agrikulturang pananim sa dating hindi nabungkal na lupa o sa isang lokasyon na dating may ibang pananim. Ang pinahihintulutang panahon ng pagsunog para sa mga sunog na ito ay tatagal mula Oktubre 1, 2018, hanggang Abril 30, 2019.

Anumang sunog para sa pagpapalit ng pananim na magaganap sa dating hindi nabungkal na lupa na lumalampas sa 10 acre ang laki, o na magsusunog ng bunton ng materyal na nagmula sa mahigit 10 acre, ay sasailalim sa inirerekomendang mga kinakailangan sa pagsusunog na nasa Seksyon 401.15 at 408 ng Regulasyon ng Air District. Kabilang sa mga kinakailangan na ito ang pag-apruba ng Air District sa plano ng pamamahala ng usok bago ang pagsunog at pagtanggap ng isang pagtatalaga ng pagsunog ng ektarya mula sa Air District bago simulan ang pagsunog sa araw ng pagsunog.

Ang pagsunog ng mga natira mula sa pagbaha ay ikinakategorya bilang pang-agrikulturang pagsunog at sasailalim sa parehong mga kondisyon ng pagpapatuyo. Ginagawa ang mga pagsunog na ito para alisin ang mga natirang kahoy at halaman na naipon ng tubig baha sa pang-agrikulturang lupa. Ang mga pagsunog ng mga natira mula sa pagbaha ay limitado sa panahon na magsisimula sa Oktubre 1, 2018, at matatapos sa Mayo 31, 2019.

- higit pa -

Dapat ding magtanong ang mga inaasahang magsusunog sa kanilang mga lokal na ahensiya sa sunog at sa Cal Fire para makakuha ng pahintulot sa lugar at mga kinakailangan para sa kaligtasan sa sunog. Ang mga unit ng Cal Fire ay maaaring may mga karagdagang paghihigpit na ginagamit, kaya makipag-ugnayan sa [lokal na istasyon ng Cal Fire](#) sa iyong komunidad.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Ang ilang pagsunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at ang pag-iwas ng mga panganib ng sunog bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Bawat araw ng taon ay itinatalaga bilang araw ng PAGESUNOG o HINDI MAAARING MAGSUNOG at ang mga pinahihintulatang sunog ay maaari lang isagawa sa mga itinatag na panahon ng pagsunog sa isang itinalagang araw ng PAGESUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at katimugang mga county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: www.baaqmd.gov/rules. Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pagprotekta ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Opisina ng Mga Pakikipag-ugnayan ng Air District
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Paqalalabas ng Balita](#)